# Balitang Manmin

BILANG 110 HUNYO 15, 2014


# Pinatunayan ng Modernong Panggagamot ang Kapangyarihan ng Diyos

## Naibrodkast Ito sa Buong Mundo ng Programang 'WCDN' ng GCN




Tulad ng sinabi ni Jesus, malapit nang magwakas ang panahon kapag ang mga tao ay hindi maniniwala sa Diyos hangga't hindi sila makakakita ng mga tanda at himala. Ipinapakita pa rin ng Diyos ng pag-ibig ang mga dakila at kamangha-mangha Niyang kapangyarihan para iligtas ang lahat ng tao na mahigit-kumulang 7.2 bilyon sa lahat ng bansa.

Nakikita sa Manmin Central Church ang hindi mabilang na tanda, himala, at makapangyarihang pagkilos ng Diyos dahil kay Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Ang mga pagkilos na ito ay pinapatunayan ng WCDN na inorganisa ng iglesya. Ipinapakita nito na totoo ang Biblia at ibinabalita ito sa buong mundo sa pamamagitan ng brodkast ng GCN.

Ang GCN ay isang Cristianong istasyon na nagbabahagi ng kapangyarihan ng Diyos at ng ebanghelyo ng kabanalan sa lahat ng sulok ng mundo (www.gcntv.org). Nakakatulong sa kaligtasan ng mga kaluluwa ang mga programa nito.

Isa na dito ang 'WCDN', ito ay programang nagpapakita ng mga kamangha-manghang banal na pagpapagaling para sa kaluwalhatian ng Diyos. Ang mga nakapagtatakang pagkilos na nakatala sa Apat na Ebanghelyo at sa Mga Gawa ng mga Apostol ay nangyayari pa rin ngayon at ipinapakita sa programang ito – nabuhay ang patay, nakakita ang bulag, nakapagsalita ang pipi, nakarinig ang bingi, at nakapaglakad ang lumpo.

Ang WCDN (World Christian Doctors Network) ay isang organisasyon ng mga Cristianong doktor mula sa buong mundo na nagpapatunay sa mga pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng mga impormasyong medikal. Nagdadaos na sila ng taunang pandaigdigang mga pagpupulong sa iba't ibang lugar sa ilalim ng paksang "Kabanalan at Medisina."

Ang programang 'WCDN' ay pinangungunahan ni Dr. Gilbert Chae, Presidente ng WCDN. Nagsimula itong ipalabas noong Disyembre 16, 2013. Labintatlong beses na itong nagbrodkast. Ipinapakita ni Dr. Chae ang iba't ibang kaganapan ng banal na pagpapagaling ng mga tao mula sa mga karamdaman dahil sa pananalangin ni Dr. Jaerock Lee batay sa mga impormasyong may kinalaman sa medisina. Nagustuhan ito ng mga manonood.


Nakatuon ang buhay ni Dr. Jaerock Lee sa pagpapahayag ng ebanghelyo ng kabanalan sa bawat sulok ng mundo at sa pagtulong sa lahat ng tao sa lahat ng bansa para makilala nila ang buhay na Diyos, magkaroon ng tunay na pananampalataya, at magsulong ng karapat-dapat na buhay ng isang Cristiano. Dahil sa kanyang makapangyarihang panalangin na lumalampas sa lugar at panahon, gumaling ang hindi mabilang na tao mula sa mga sakit na walang lunas tulad ng kanser, lukemya, at AIDS. Hindi mabilang ang napagaling mula sa mga kahinaan tulad ng mga may kapansanan - nakatalon at nakapaglakad ang mga lumpo, bumalik ang paningin ng mga bulag, at nakarinig ang mga bingi. Nabiyayaan pa ng pagbubuntis ang mga baog.

Ipapakita ng *Balitang Manmin* ang pitong kaganapan na ipinalabas sa GCN kasama ang impormasyon batay sa medisina (itutuloy sa pahina 4).

## 1 Gumaling ang Cerebral Hemorrhage (pagdurugo ng utak dahil sa pumutok na ugat) dahil ipinanalangin ang litrato

Nadulas sa kalyeng may yelo si Brother Hanjin Lee, 53 taong gulang. Nagkaroon siya ng matinding pananakit ng ulo. Sa pagsusuri, nakitang may pagdurugo sa kanang bahagi ng utak niya. Hindi siya makagalaw. Dinala ng pamilya niya ang litrato niya kay Dr. Jaerock Lee at hiniling na maipanalangin siya. Pero hindi siya gumaling, nagkaroon pa siya ng pulmonya. Nilagyan siya ng tubo sa lalamunan para makatulong sa paghinga niya.

Natanto niya at ng pamilya niya na mayroon silang mga pader ng kasalanan laban sa Diyos kaya lubos ang pagsisisi nilang lahat. Pagkatapos, tinanggap nilang muli ang panalangin ni Dr. Lee na lumalampas sa lugar at panahon. Gumaling siya mula sa pulmonya at pagdurugo ng utak.



**Bago ipanalangin:** pagdurugo ng kanang bahagi ng utak

**Pagkatapos ipanalangin:** gumaling na ito





## 2 Gumaling ang Calcific Tendinitis (pamumuo ng calcium sa litid), dahil sa panyong makapangyarihan

Nagkaroon ng matinding pananakit ng pulso si Sister Lucy Hwang, 25 taong gulang. Hindi siya makapaghilamos, makapagsuklay, at makapagbihis nang mag-isa. Ayon sa x-ray at MRI scan niya, mayroon siyang calcific tendinitis. Inirekomenda ng doktor na magpainiksyon siya ng steroid. Hindi siya pumayag, gusto niyang gumaling sa pamamagitan ng pananampalataya.

Dumalo siya sa pagpupulong ng Manmin Prayer Center para sa Banal na Pagpapagaling. Nanguna dito ang presidenteng si Mrs. Boknim Lee. Pinagsisihan niya ang maligamgam na pananampalataya niya. Tinanggap niya ang pananalanging may panyong pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Ganap ang paggaling niya.



**Bago ipanalangin:** namuo ang calcium



**Pagkatapos ipanalangin:** wala nang pamumuo



Nagpatotoo siya sa kanyang paggaling sa ika-10 Pandaigdigang Kumperensya ng mga Cristiano Tungkol sa Panggagamot na idinaos sa Mexico.

## Bahaghari,
### tanda ng pag-ibig at pangako ng Diyos

Magmula noong may lumabas na bahaghari sa langit paikot sa araw noong Mayo 15, 1998 sa ibabaw ng Manmin Central Church, madalas nang makakita ng mga hindi pangkaraniwang bahaghari ang mga miyembro sa nakalipas na 17 taon. Nakatulong ito sa kanila na mas maunawaan ang espirituwal na kaharian at nakapagbigay sa kanila ng mas malaking pag-asa para sa Langit kung saan naroon ang trono ng Diyos.

"At ang nakaupo doon ay may anyong katulad ng batong jaspe at sardio, at naliligid ang trono ng isang bahaghari na tulad ng esmeralda" (Apocalipsis 4:3).


[ Sa ibabaw ng Manmin Central Church, Mayo 15, 1998 ]


[ Sa labas ng eroplano, Pebrero 21, 2006, papunta sa DR Congo para sa krusada ng pagkakaisa ang grupong magmimisyon ]


[ Sa ibabaw ng Manmin Central Church, Abril 14, 2010 ]


[ Sa lugar ng Muan Sweet Water, Enero 27, 2011 ]


[ Sa lugar ng Muan Sweet Water, Marso 6, 2014 ]

◖ Ang Diyos ay Pag-ibig ◗

# Sa Pamamagitan ng mga Tandang Nakikita

"Kayong mga Israelita, pakinggan ninyo ang mga salitang ito: Si Jesus na taga-Nazaret, isang lalaking pinatunayan ng Diyos sa inyo sa pamamagitan ng mga gawang makapangyarihan, mga kababalaghan, at mga tanda na ginawa ng Diyos sa pamamagitan Niya sa gitna ninyo, gaya ng nalalaman ninyo" (Ang Mga Gawa 2:22).

Dahil ang Diyos ay pag-ibig, gusto Niyang tanggapin ng lahat ng tao si Jesu-Cristo, mapatawad sila sa mga kasalanan, at magkaroon ng buhay na walang hanggan (1 Kay Timoteo 2:4). Kaya niloloob Niya na makapagtatag ng mga iglesya para maipangaral ang Salita Niya. Nagpapakita din Siya ng mga kamangha-manghang mga tanda, himala, at makapangyarihang mga gawa. Higit pa riyan. sa bawat panahon, nagtatatag Siya ng mga lingkod na magpapakita ng pag-ibig Niya.

Anong klaseng ministeryo ang ipinagkakatiwala ng Diyos sa isang taong pinatunayan Niya bilang pruweba ng pag-ibig Niya? Anong klaseng biyaya ang darating sa atin kapag pagtitiwalaan at mamahalin natin ang taong iyon?

### 1. Sa bawat panahon pinapatunayan ng Diyos ang mga lingkod Niya

Mababasa sa Ang Mga Gawa 3:22, "Tunay na sinabi ni Moises, 'Ang Panginoong Diyos ay pipili para sa inyo ng isang propetang gaya ko mula sa inyong mga kapatid. Pakinggan ninyo siya sa lahat ng bagay na sasabihin niya sa inyo.'" Ito ay ang propesiya tungkol kay Jesus, na Siyang bugtong na Anak ng Diyos na dumating sa lupa bilang tao. At tungkol din ito sa mga propeta na ipinadala ng Diyos para sa Kanyang mga mamamayan.

Tinanggap mula sa Diyos ng unang nilalang na si Adan ang kapangyarihang mamahala sa lahat ng bagay para mangibabaw sa mga ito. Nabuhay siya bilang panginoon ng lahat ng bagay. Pero dahil tinukso siya ng ahas, nagkasala siya, kumain siya mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama na ipinagbawal sa kanya ng Diyos. Pagkatapos, nagbago ang buong situwasyon. Naputol ang ugnayan niya sa Diyos at nawala sa kanya ang kapangyarihan at biyaya mula dito. Pinalayas siya mula sa Halamanan ng Eden. Dito sa mundo, na pinamumunuan ni Satanas, naiwang nag-iisa si Adan na parang ulila. Hindi siya makawala mula sa mga karamdaman, kalungkutan, at pasakit dahil sa ginawa niya.

Gayon pa man, pumipili ang Diyos ng mga taong maghahatid ng kalooban Niya sa loob ng maraming panahon para magpakita ng paraan para muling makibahagi sa pag-ibig Niya. Halimbawa, itinuro Niya ang Batas kay Moises, ang lider ng Exodo. Ang Batas na ito ang magiging batayan kung paano ipapamuhay ang pagiging mananampalataya. At humirang Siya ng maraming propeta tulad ni Isaias, Jeremias, Ezekiel, Daniel, Hosea, Joel, at Malakias. Niloob Niyang maihatid ng mga ito ang pag-ibig Niya.

Kahit natupad na ni Jesus ang kalooban ng Diyos para sa kaligtasan, muling nabuhay, at umakyat sa langit, humihirang pa rin ang Diyos ng mga lingkod para tuparin ang kalooban Niya sa tamang panahon. Sa pamamagitan ng pagpili ng karapat-dapat na mga tao para sa panahon ng Banal na Espiritu tulad ni Apostol Pedro, Juan, at Pablo noong mga Unang Iglesya, niloob ng Diyos na ihatid ng mga lingkod na ito ang pruweba ng pag-ibig Niya sa pamamagitan ng pangangaral nito sa kanila.

### 2. Ang mga tungkuling inihanda ng Diyos para sa mga saksi ng pag-ibig Niya

Pag-aralan nating mabuti ang mga tungkuling ibinigay ng Diyos sa mga taong hinirang Niya bilang mga saksi ng pag-ibig Niya. Sa madaling salita, siyasatin natin kung anong klaseng pag-ibig ang ipinakita ng Diyos sa pamamagitan ng mga taong ito.

#### Una, pinagaling nila ang mga tao mula sa mga karamdaman at kahinaan at pinalaya sila sa pagkabihag nila

Pinalaya tayo ni Jesus mula sa tanikala ng kasamaan at kasalanan sa pamamagitan ng pagkapako Niya sa krus na kahoy. Pero hindi lang para sa kaligtasan at pagdadala sa atin patungo sa Langit ang pagpapalaya sa atin ng Diyos. Nangangahulugan din ito na kahit naninirahan pa tayo dito sa mundo, pinapagaling Niya ang lahat ng mga karamdaman at kahinaan, at tinatanggal Niya ang tanikala ng kasamaan. Gayon din naman, pinapalaya din ng mga lingkod Niya ang mga taong nakagapos sa mga karamdaman at kahinaan.

Ang pag-ibig ng Diyos para sa atin ay malinaw at madaling unawain. Kung ang pruweba ng pag-ibig Niya para sa mga tao ay para iligtas lang sila pagkatapos ng kamatayan, mahihirapan silang madama ang kadakilaan ng pag-ibig Niya habang nabubuhay sila dito sa mundo. Gusto ng Diyos na tumanggap ng malalaking biyaya ang minamahal Niyang mga anak at maging masaya habang naririto sila sa mundo.

Ito ang dahilan kung bakit niloloob ng Diyos na magkaroon ng pananampalataya ang mga tao at maranasan ang pag-ibig Niya sa pagpapalaya sa kanila mula sa mga karamdaman, kahinaan, at lahat ng klaseng kahirapan sa pamamagitan ng mga hinirang at pinatunayan Niya. Kahit sinasabi ng mga tao na may pananampalataya sila, hindi madali para sa kanila na makilala ang Diyos at maging perpekto sa mga gawain nila.

Kaya magmula noon, nagpapadala ang Diyos ng mga lingkod na magpapakita ng mga pagkilos Niya nang may malaking pananampalataya at pag-ibig. Sa pamamagitan ng mga saksi ng pag-ibig Niya nararanasan ng mga anak Niya ang pag-ibig Niya.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
**Balitang Manmin**
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee    Punong Patnugot: Geumsun Vin



Punong Pastor ng Manmin Central Church
Dr. Jaerock Lee

Siya ay lingkod ng Diyos ng pag-ibig at kapangyarihan. Ibinabahagi niya ang buod ng ebanghelyo ayon sa paraan ng Panginoon para pukawin ang puso at isipan ng mga mamamayan ng lahat ng bansa. Ipinapakita niya ang maalab na pagkilos ng Banal na Espiritu.

Noong taong 1982, nagsimula ang Manmin Central Church na mayroong 9 na miyembrong matatanda at 4 na bata. Dahil sa pagkilos ng Banal na Espiritu naging napakalaki na ng iglesya, mayroon itong mahigit-kumulang 10,000 sangay at katuwang na mga iglesya sa buong mundo. Tulad ng pangangaral at pagpapatunay ni Jesus ng Salita sa pamamagitan ng mga tanda pagkatapos Niyang mangaral, pinapatunayan din ni Dr. Jaerock Lee na ang Biblia ay totoo sa pagpapakita niya ng kapangyarihan ng Diyos.

Magmula noong taong 2000, nakapagdaos siya ng maraming krusada sa ibang bansa tulad ng Uganda, Japan, Pakistan, Kenya, Pilipinas, Honduras, India, Russia, Germany, Peru, DR Congo, Estados Unidos, at Estonia. Nagpakita siya ng umaapaw na makapangyarihang pagkilos. Sa mga krusadang idinaos, ang ginawa sa Uganda ang napiling ibalita ng CNN.

Noong taong 2009, nangaral din si Dr. Lee sa krusada ng pagkakaisa sa Jerusalem, Israel. Ipinahayag niya na si Jesus ang Mesyas habang ibinobrodkast sa may 220 mga bansa ang krusada. Tapat siya sa Salita at pananalangin para matupad ang kalooban ng Diyos na maligtas ang lahat ng tao ng lahat ng bansa sa pagtatapos ng panahon. Gusto niyang maipahayag ang ebanghelyo saan mang sulok ng mundo at tuparin ang misyon ng pagmiministeryo sa North Korea.

www.drlee.or.kr

*Kahit may pananampalataya ang isang tao, hindi madali para sa kanya ang makilala ng lubos ang Diyos para maging perpekto siya sa mga gawain niya.*

*Ito ang dahilan kung bakit nagpapadala ang Diyos ng mga lingkod na magpapakita ng pagkilos Niya nang may dakilang pananampalataya at pag-ibig*

*Sa pamamagitan ng mga lingkod na pinatunayan ng Diyos, Maaaring maranasan ng mga anak Niya ang pag-ibig Niya.*

### Pangalawa, inihahatid nila ang pag-ibig ng Diyos

Para maihatid ang pag-ibig ng Panginoon, dapat mayroon ding pagmamahal ang maghahatid. Dahil taglay ni Jesus ang pag-ibig ng Diyos Ama, ibinigay Niya ang buhay Niya para sa atin. Sa pamamagitan Niya, nadadama natin ang kalaliman ng pag-ibig ng Diyos. Dahil nagkatawang tao Siya dito sa lupa, batid Niya ang mga pagdurusa ng mga tao.

Ipinahayag din ni Apostol Pablo ang maalab na pag-ibig niya para sa mga kaluluwa sa Mga Taga-Roma 9:3, "Sapagkat mamagalingin ko pang ako ay sumpain at mawalay kay Cristo alang-alang sa aking mga kapatid, na aking mga kamag-anak ayon sa laman." Malaki ang pasasalamat niya sa pagpapala ng Panginoon na nagligtas sa kanya, isang pinakamasamang makasalanan. Kaya kahit madalas nasa panganib ang buhay niya at nagdurusa siya sa matinding pag-uusig, ipinangaral niya ang ebanghelyo hanggang sa mga huling sandali ng buhay niya.

Sa pamamagitan ni Apostol Pablo, naranasan ng maraming mananampalataya ng Unang Iglesya ang pag-ibig ng Diyos kaya sila ay labis na nagmahal, naglingkod, at sumunod sa kanya tulad ng pagsunod nila sa Panginoon. Buong puso silang naglingkod sa kanya kaya sinabi niya sa Galacia 4:15, "Nasaan na ngayon ang inyong kagandahang-loob? Sapagkat ako'y nagpapatotoo sa inyo, na kung maaari sana ay dinukit na ninyo ang inyong mga mata at ibinigay sa akin."

### Pangatlo, itinuturo nila ng tama ang kalooban ng Diyos

Bagaman natanto ng isang bata ang pagmamahal ng kanyang ama at gusto niyang manumbalik sa kandungan nito, kung hindi niya alam kung paano, hindi siya lalapit sa ama. Ang mga taong pinatunayan ng Diyos ay maaaring makipag-usap ng masinsinan sa Kanya, pwede nilang ituro nang tama sa atin kung ano ang dapat nating gawin para manumbalik sa Diyos. Ang daan patungo sa Diyos ay nakasulat sa Biblia, pero mahirap maintidihan at maipaliwanag ang mga talatang isinulat ayon sa inspirasyon ng Espiritu.

Ito ay sapagkat ang makakaunawa ng Biblia ay isang taong nagwaksi ng mga kasalanan sa pamamagitan ng hindi mabilang na pananalangin at pag-aayuno; isang taong nabubuhay ayon sa Salita ng Diyos; at nakikipag-usap sa Diyos sa malalim na paraan.

Sinabi ni Apostol Pablo sa Galacia 1:11-12, "Sapagkat nais kong malaman ninyo, mga kapatid, na ang ebanghelyo na aking ipinangaral ay hindi ayon sa tao. Sapagkat hindi ko ito tinanggap mula sa tao, o itinuro man sa akin, kundi sa pamamagitan ng pahayag ni Jesu-Cristo." At sinasabi sa Efeso 1:17, "Upang ang Diyos ng ating Panginoong Jesu-Cristo, ang Ama ng kaluwalhatian, ay magkaloob sa inyo ng espiritu ng karunungan at ng pahayag sa isang ganap na pagkakilala sa Kanya."

Sa ganito kalapit na paraan nakipag-usap si Apostol Pablo sa Diyos. Dinala niya ang mga mananampalataya sa katotohanan, at tinupad ang kalooban ng Diyos.

### Pang-apat, pinapatunayan nila na ang Diyos ay buhay sa pagpapakita ng mga tanda, himala, at mga makapangyarihang gawain

Ang Diyos ang pinakamakapangyarihan, Siya ang Manlilikha, at ang Pinuno ng langit, lupa, at lahat ng bagay. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga bagay na hindi magagawa ng tao bilang pruweba, tinulungan Niya ang mga ito na magtiwala na Siya ay buhay at totoo ang Salita Niya.

At pumipili Siya ng mga taong karapat-dapat sa harapan Niya dahil sa pamamagitan ng mga taong tulad nito, mababatid ng iba na buhay Siya at makapangyarihan. Siya ang namamahala ng kasaysayan ng sangkatauhan at ng buhay at kamatayan, kabiguan at tagumpay ng tao.

Ipinakita ni Jesus na buhay ang Diyos sa paggawa Niya ng hindi mabilang na mga tanda, himala, at makapangyarihang mga pagkilos. Dahil sa mga ito, pinatunayan Niyang nagmula Siya sa Diyos. Binuksan Niya ang mga mata ng bulag, at ang bibig ng mga pipi. Pinagaling Niya ang lahat ng klase ng karamdaman at kahinaan. Dahil sa pagpapakita ng dakilang kapangyarihan, mga tanda, at himala, maniniwala ang mga tao kay Jesus, manunumbalik sila sa Diyos (Ang Mga Gawa 2:22).

May iba pang mga tauhan sa Biblia na nagpatunay na mga lingkod sila ng Diyos at Siya ang Pinakamakapangyarihan sa pagpapakita nila ng mga tanda bilang patunay ng mga ipinangaral nila (Marcos 16:20).

Napakalaki din ng kapangyarihan ni Apostol Pedro. Dinala ng mga tao ang mga may sakit sa kalye at inihiga sila sa papag at banig para madaanan man lang sila ng anino ni Pedro (Ang Mga Gawa 5:15). At dinala rin sa mga may sakit ang mga panyo at tapis mula sa katawan ni Pablo, gumaling sila at nagsilayas ang mga masasamang espiritu (Ang Mga Gawa 19:12). Kahit sa kasalukuyang panahon, kumikilos pa rin ang Diyos sa pamamagitan ng mga karapat-dapat na tao tulad noon, mga 2,000 taon na ang nakaraan (Sa Mga Hebreo 13:8).

### 3. Ang mga biyayang ibibigay kapag nagtiwala sa mga taong hinirang ng Diyos

Pinaglilingkuran ng mga taong may mabuting kalooban at pagmamahal sa Diyos ang mga lingkod na pinatunayan Niya bilang mga saksi tulad ng paglilingkod nila sa Kanya at sa Panginoon. Sinabi ni Jesus sa Juan 13:20, "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, ang sinumang tumatanggap sa Aking sinugo ay tumatanggap sa Akin, at ang tumatanggap sa Akin ay tinatanggap Siya na nagsugo sa Akin."

Kaya kapag pinaglilingkuran at minamahal natin ang mga lingkod ng Diyos, tinatanggap ng Diyos ang ginagawa natin, bibigyan Niya tayo ng mga biyaya.

Sa 2 Mga Hari 4, may isang babaing taga-Sunem na walang anak. Pinaglingkuran niya si Eliseo ng buong puso. Dahil dito nabiyayaan siya ng isang sanggol na lalaki. At nang biglang mamatay ang anak nito, nanalangin si Eliseo sa Diyos, at muli itong nabuhay. Tinanggap ng babaing taga-Sunem ang dakilang pagpapala ng Diyos dahil pinaglingkuran niya ang taong pinatunayan Niya.

Siyempre, ang pinagmumulan ng lahat ng pagpapala ay pag-ibig ng Diyos, pero naranasan ng babaing taga-Sunem ang pag-ibig na ito dahil naroon si Eliseo. Samakatwid, malaking biyaya dito ang pagpapadala ng Diyos kay Eliseo bilang pruweba ng pag-iibig Niya para sa kanya.

Tinanggap ni Josue ang kapangyarihang pahintuin ang araw at buwan dahil kasama siya ni Moises. Lubos ang pagtitiwala niyang lingkod ito ng Diyos. Dahil sa pagsunod sa guro niyang si Elias hanggang sa huli, tumanggap si Eliseo ng dobleng bahagi ng inspirasyon nito kaya nakagawa siya ng kamangha-manghang himala pati ang muling pagbuhay ng patay.

Hindi lang iyan, nakasulat sa Biblia ang mga pangyayari kung saan tumanggap ng mga biyaya ang mga tao dahil nagtiwala, nagmahal, at sumunod sila sa mga pinatunayang lingkod na pinadala ng Diyos. Nagtagumpay sila sa mga labanan at binigyan ng makakain kapag kapos o walang makain.

Nangyayari pa rin ngayon ang mga bagay na ito. Gumaling ang hindi mabilang na mga miyembro ng Manmin Central Church mula sa mga sakit na hindi nagagamot at nakakamatay. Marami ang tumanggap ng mga kalutasan sa mga problema sa pamilya at negosyo. Dahil dito, niluwalhati nila ang Diyos.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na matupad nawa ninyo ang mga minimithi ng puso ninyo sa pamamagitan ng pagtitiwala at pagmamahal sa mga lingkod na pinili ng Diyos bilang mga saksi na magpapangaral ng tungkol sa ating Panginoong Jesu-Cristo at sa Kanya bilang Manlilikha.

## 3 Gumaling ang Toxic Hepatitis (pamamaga ng atay dahil sa mga ininom na gamot, alak, o iba pang kemikal) dahil sa panalanging lumalampas sa lugar at panahon

Ayon sa mungkahi ng isang kaibigan, uminom ng iba't ibang gamot ang misyonerang si Ping Ping Hwang. Malapit na siyang manganak at medyo may edad na siya. Siya ay 41 taong gulang na. Nang manganak siya, nakalimutan niya ang tungkol dito. Nagkasakit ng toxic hepatitis ang sanggol niya dahil sa nadedeng mga kemikal mula sa kanya.

Nilagnat ang anak ni misyonera Ping Ping Hwang, mahigit sa 104F. Nagdusa ito mula sa maraming karadaman (jaudice, enteroplegia dahil sa peritonitis, impeksyon sa tiyan, pagkahilo, panghihina, impeksyon sa daanan ng ihi dahil sa septicemia, at impeksyon sa daanan ng dumi). Hindi nila tiyak kung mabubuhay ito o mamamatay. Pero nagtiwala si Misyonera Hwang na gagaling ang anak niya sa pananalangin ni Dr. Jaerock Lee. Hiniling niya kay Dr. Lee na nasa Seoul, Korea na ipanalangin ang anak niya na nasa Singapore. Pagkatapos ng panalangin na lumalampas sa lugar at panahon, mabilis na gumaling ang anak niya, bumaba ang lagnat, nawala ang pamamaga ng atay at naging malusog.







## 4 Walang Malay dahil sa Liposuction (pagtanggal ng taba sa katawan gamit ang makinang may tubong hihigop nito), gumaling

Naging matagumpay ang liposuction na ginawa kay Erica (22 taong gulang) ng ama niyang cosmetic surgeon. Tumagal ang proseso ng anim na oras. Pero pagkatapos ng proseso, bumagsak ang presyon ng dugo niya at nawalan siya ng malay. Inilipat siya sa ICU. Walang matukoy na dahilan sa pagsusuring ginawa sa dugo niya at CT scan. Sinikap ng mga doktor na pataasin ang presyon ng dugo niya pero walang nangyari. Hindi siya nagkaroon ng malay.

Tamang-tama, nabalitaan ng ama niya mula kay Dr. Armando Pineda, direktor ng WCDN sa Estados Unidos na magkakamalay siya kung tatanggapin niya ang panalangin ni Dr. Lee sa Manmin Central Church sa Seoul. Hiniling ng ama niyang nasa Mexico ang panalangin ni Dr. Lee. Pagkatapos ng panalanging lumalampas sa lugar at panahon, agad siyang gumaling. Masaya na ang buhay niya sa piling ng asawa niya.



**Bago ipanalangin:** makapal ang himaymay sa bandang ibaba ng kaliwang bahagi ng puso
**Pagkatapos ipanalangin:** bumalik sa normal


## 5 Gumaling ang Kanser sa Suso dahil sa Pagsisisi at pananalangin

Nakakita ng bukol sa kanang suso niya si Diakonesa Inok Han, 58 taong gulang. Masakit ito kaya nagpunta siya sa ospital. Nakita sa pagsusuri na mayroon siyang kanser, nasa '2nd stage' na ito. Sinabi ng doktor sa kanya na kailangang maoperahan ito pero umasa siya sa Diyos. Nakakamangha, nababawasan ang pananakit tuwing pagsisisihan niya ang mga kasalanang ginawa niya.

Pagkalipas ng dalawang taon, muli siyang nagpasuri sa doktor at sinabi nitong may natitira pang kanser. Hindi siya nalungkot, nanalangin siya ng buong-puso at nagpasalamat. Pagkatapos, tinanggap niya ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Sa muling pagsusuri, bakas na lang ng kanser ang nakita.

Sa totoo lang, madaling dumami at kumalat ang kanser sa ibang bahagi ng katawan. Pero kamangha-manghang huminto sa pagkalat ang kanser niya at nawala. Hallelujah!

Ultrasound



**Bago ipanalangin:** 2.5sm kanser sa suso
**Pagkatapos ipanalangin:** walang bakas ng kanser




## 6 Malalang Pagkasunog (3rd Degree) sa Buong Katawan, gumaling dahil sa Kapangyarihan ng Panalangin

Nagkaroon ng malalang pagkasunog sa buong katawan si Punong Diakonesa Eundeuk Kim, 90 taong gulang. Nadulas siya sa kusina at nabangga niya ang kaldero ng kumukulong tubig. Tumapon ang tubig sa buong katawan niya. Gayon pa man, tinanggap agad niya ang panalangin ni Dr. Lee kaya lumabas ang init sa katawan niya. Gumaling siya dahil sa pananampalataya.

Ipinanalangin siya ni Dr. Lee araw-araw. Hindi nagtagal, nawala na ang mga sugat sa katawan niya. Nagkakaroon na ng bagong balat ang katawan niya, lubos na ang paggaling ng mga kamay at tiyan niya. Naganap ang muling paglikha, ang laman niya, mga ugat at daluyan ng dugo ay nabago. Pinalitan ng Diyos ng pag-ibig ang balat niya, normal na ulit ito, walang mga pilat.






## 7 Gumaling ang Harada Disease (karamdaman sa mata) dahil sa Kapangyarihan ng Panalangin

Napansin ni Diakonesa Youngmi Yu, 44 taong gulang, na lumalabo ang mga mata niya. Parang magaspang ang tingin niya sa lahat ng bagay. Nahilo pa siya at nagsuka, kaya pumunta siya sa ospital. Nasuring may karamdaman siyang tinatawag na Harada. Sinabi ng doktor na pwedeng lumaki ang bukol niya sa mata at matakpan ang mga ugat dito. Mabubulag siya kapag nangyari ito. Nagbalik-tanaw siya sa naging buhay niya bilang isang Cristiano, pinagsisihan nya ang mga kasalanan niya sa harapan ng Diyos. Tinanggap din niya ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee.

Pagkatapos, ang lahat ng bagay na magaspang at madilaw sa paningin niya noon ay naging normal. Nagpasuri siyang muli, bumalik na sa dati ang paningin niya. Bago siya ipanalangin, ang paningin niya ay 0.8/0.25 pero bumuti ito, naging 1.0/1.0 pagkatapos maipanalangin. At nagpatuloy sa pagbuti ang paningin niya, naging 1.2/1.2. Kadalasan, tumatagal ng anim na buwan ang lubos na paggaling ng karamdamang Harada sa mga ospital, pero gumaling siya sa loob ng dalawang linggo at nailigtas siya sa pagkabulag. Nakakamangha!

Bago ipanalangin




Pagkatapos ipanalangin




Nakikita na nawala ang mga bukol sa magkabilang mata. Bumalik din ang paningin niya mula 0.8/0.25 – 1.0/1.0

### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714